

Pagbabago sa Pagkatao ng Cristiano Sa Paninigurado ng Iyong Pagkatawag at Paghirang

“1 Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesucristo, sa nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo; 2 Biyaya at kapayapaan ang sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Dios at kay Jesus na Panginoon natin: 3 Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhatan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian at Kagalingan; 4 Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatatan sa kabulukan nasa sanglibutan dahil sa masamang pita. 5 Oo, at dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman; 6 At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan; 7 At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig.. 8 Sapagka't kung nasa inyo ang mga bagay na ito at sumasagana, ay hindi kayo pababayaan maging mga tamad o mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesucristo. 9 Sapagka't yaong wala ng mga bagay na ito ay bulag, na ang nakikita lamang ay ang nasa malapit, sa pagkalimot ng paglilinis ng kaniyang dating mga kasalanan. 10 Kaya, mga kapatid, lalong pagsikapan ninyo na mangapanatag kayo sa pagkatawag at pagkahirang sa inyo: sapagka't kung gawin ninyo ang mga bagay na ito ay hindi kayo mangatitiosod kailan man: 11 Sapagka't sa gayon ay ipinamamahaging sagana sa inyo ang pagpasok sa kahariang walang hanggan ng Panginoon natin at Tagapagligtas na si Jesucristo.” (2 Pedro 1:1-11 KJV)

Sa pagharap sa mga banta ng mundong ito, ang globalisasyon at materyalismo at lahat ng uri ng katiwalian, at para sa pagharap sa iba't ibang uri ng pagsubok at paghihirap, at para sa pagharap sa mga panganib ng maling pagtuturo at maling doktrina, at upang matiyak ang ating pagpili habang tayo ay matiyagang naghihintay para sa ikalawang pagdating ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu Cristo upang hatulan ang buong mundo, ang mga Cristiano ay kinakailangang magkaroon ng mga kasanayang nagpapahintulot sa kanila na manindigang matatag; mga kasanayang magpoprotekta sa kanila mula sa pag-aalinlangan at paglihis mula sa tamang daan, at maging handa upang harapin ang iba't ibang pamantayan.

Si Pedro sa kanyang liham sa isang grupo ng mga mananampalataya na Cristiano na inuusig at pinahihirapan ng isang grupo ng mga maling relihiyon at paniniwala, at natutukso ng isang grupo ng mga taong walang batas, ay nagbigay sa kanila ng isang susi sa kaligtasan upang maglayag sa mundong ito na puno ng galit. **Binibigyang-diin niya sa kanila at sa atin ngayon ang dalawang katotohanan; na kumilos ang Dios ngunit kinakailangan ng pakikipagtulungan ng tao, at ang parehong katotohanang ito ay mahalaga.**

“1 Si Simon Pedro, na alipin at apostol ni Jesucristo, sa nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya sa katuwiran ng ating Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo:” (2 Pedro 1:1 KJV) Maraming tao na kapag nabasa nila ang tungkol kay Simon Pedro, ang unang bagay na papasok sa kanilang isipan na siya ay isang apostol ni Cristo, at kaya't ang kanyang pananampalataya at ang kanyang paglakad sa Dios ay isang bagay na kakaiba mula sa atin at upang mas makayanan niya ang mga pagsubok at mga problema na pinahintulutan ng Dios upang pagdaanan niya. Ngunit ang ganitong pag-iisip ay hindi tama. Itinuwid ni Pedro ang maling pag-iisip na ito nang sabihin niya ang mga sumusunod: ***“sa nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya”*** Ang sinasabi niya dito ay napakalinaw na isinusugo niya ang kanyang sulat sa mga, kasama tayo, na tumanggap at natamo ng katulad na mahalagang pananampalataya na nakuha nina Pedro at ng iba pang mga apostol mula sa Dios. **** Kaya't hindi lamang tayo pinalad at pinagpala kundi tayo rin ay may pananagutan sa Dios na mamuhay at kumilos at manatili tulad ng ginawa ng iba pang mga apostol ni Jesu Cristo. * Ang pananampalatayang natanggap natin sa pamamagitan ng katuwiran ng Dios at ng ating Manunubos na si Jesu Cristo na namatay sa krus at nagbuhos ng kanyang dugo para sa ating mga kasalanan ay nag-uutos sa bawat isa sa atin na mamuhay ng isang banal na buhay at manatili sa katotohanan at mabuhay upang pagsilbihan ang Dios at tuparin ang Kanyang kalooban. * Ang pananampalatayang ibinigay sa atin ng Dios ay isang pananampalatayang kayang mangibang bundok at pananampalatayang kayang magdala ng mga milagro at dramatikong pagbabago sa ating buhay at sa mga ministeryo na ibinigay sa atin ng Dios at sa buhay ng ating simbahan.***

“2 Biyaya at kapayapaan ang sa inyo'y dumami sa pagkakilala sa Dios at kay Jesus na Panginoon natin;” (2 Pedro 1:3 KJV) Nang nakilala natin ang Dios at ang ating Panginoong Jesu Cristo, tayo ay nasa ilalim ng dakilang biyaya ng Dios, at ito ang ipinahayag ni Pedro sa atin, na ang biyaya at kapayapaan, ay hindi maliit na halaga, kundi payabungin sa atin sa pamamagitan sa kaalaman ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu Cristo na ating Panginoon. ***Kaya't, tayo na kay Jesu Cristo ay parehong pananampalataya ng mga***

apostol at mayroon tayong biyaya at kapayapaan na payabong sa ating pamumuhay sa kasaganaan sa pangangalaga at pagibig ng Dios.

“3 Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian at kagalingan;” (2 Pedro 1:3 KJV) Tayo ay maayos na natustusan gaya ng ipinahayag dito ni Apostol Pedro. Ang banal na kapangyarihan ng Dios ay gumawa ng gayong kaayusan na ibinigay Niya sa atin ang lahat ng kailangan natin patungkol sa buhay at Kabanalan. * Ang ibig sabihin nito bago ang araw o ang panahon na dumating ipinadala na ng Dios ang Kanyang lingap upang tugunan ang natatanging kailangan natin. Ibig sabihin niyon kung nagpasya tayong mabuhay para sa Dios kung gayon mayroon tayong lahat ng paglingap ng Dios para sa atin, at iyon ang lihim ng kasiyahan at hindi tayo mangangailangan habang itinutuon natin ang ating mga kayamanan na gawin ang kalooban ng Dios at paluguran Siya at sa gayon pinaglilikuhan natin ang Dios, gaya ng tinawag Niya tayo na gawin ang mabubuting gawa na inihanda Niya para sa atin upang tayo'y maparangalan sa Kanya habang pinapanatili natin ang mabuting pag-uugali at namumuhay sa kabanalan. * Nangangahulugan din ito na kung ikaw ay lalayo sa Dios, ang mga yaman na ibinigay ng Dios ay hindi mawawala sa iyo at ikaw ay mahuhulog sa mga problema at hindi mo maipagpatuloy ang isang buhay na maayos at sapat ang mga pangangailangan.

“4 Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanaan sa kabulakang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita.” (2 Pedro 1:4 KJV) Sa karagdangan sa lahat ipinagkaloob Niya sa atin, Ibinigay sa atin ng Dios ang Kanyang mga dakila at mahahalagang pangako na Kanyang ipinamana sa atin, at sa ganitong paraan tayo ay nagkaroon ng kakayahang makibahagi sa Kanyang banal na kalikasan, na sa lupa tayo'y nakikipagtulungan sa Dios at para sa Dios upang gawin ang Kanyang nais na gawin natin upang isakatuparan ang Kanyang kalooban. Na tayo ang asin ng lupa upang ipakita ang Salita ng Dios at ipahayag ang Kanyang kalooban at isakatuparan ito, at maging liwanag sa iba upang malinaw nilang makita at ipakita sa kanila ang daan na kailangan nilang tahakin. * Kaya dito kailangan mong maunawan na ikaw ay nasa lupa ay bahagi ng banal na kalikasan ng Dios na kailangan mong aktibong paglingkuran Siya, pamumuhay sa kabanalan at pagbabahagi ng Kanyang Salita at ng Kanyang kalooban sa iba. Na kailangan mong manindigang matatag laban sa lahat ng katiwalian at pakikipagkompromiso sa sanglibutang ito na nakapalibot sa iyo. * Ang dakila at mahalagang mga pangako ng Dios at Ang mga dakila at mahahalagang pangako ng Dios ay nagbibigay sa iyo ng kakayahan na makaiwas sa pagkasira at pagguho ng mundong ito; na hindi mo kailangang mandaya, magsinungaling, manloko, magbigay ng suhol, o makipagkompromiso upang makuha ang magagandang bagay, sa halip ang mga magaganda at mahahalagang pangako ng Dios na binasa natin sa Bibliya ay nagbibigay sa atin ng lakas na sabihin ang ‘Hindi’, sa kasalanan, nagtitiwala sa Dios na Siya ang nagbigay sa atin ng lahat ng kakailanganin natin sa buhay at sa Kabanalan kung patuloy tayong mamumuhay sa Kabanalan at ayon sa Kanyang Salita at kalooban, at iyon ay magiging karapat-dapat tayo sa Kanyang biyaya, at magkakaroon ng kakayahang matamo ang antas ng mahusay na pag-iisip at mahusay na pamumuhay na nais ng Dios para sa atin. * Ang dakila at mahahalagang pangako ng Dios ay nagtuturo rin sa atin na huwag nang maging makamundo at huwag nang maging ambisyoso sa paggawa ng ating sariling kalooban at mga plano kundi upang magpakumbaba sa harap ng Dios at tanggapin ang Kanyang kalooban para sa atin, at ang nais Niyang gawin natin at kung paano Niya nais tayong mabuhay para sa Kanya, upang hindi na tayo umasa sa ating sariling mga plano kundi ang ating pagsisikap ay ang maging malapit sa Kanya, sumusunod kay Jesus, dumadaan sa makitid na daan na Kanyang ginawa at inihanda para sa atin upang mapasailalim at maligtas.

“5 Oo, at dahil din dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman; 6 At sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan; 7 At sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pagibig.” (2 Pedro 1:5-7 KJV) Sa talatang ito, ibinalangkas ng Dios sa atin ang mga mahahalagang hakbang para sa pag-unlad ng kaluluwa ng Cristiano at ang pag-usbong ng kanyang pagkatao. At ang mga hakbang na ito ay ang:

1. Pananampalataya: gaya ng sinabi ni Pedro sa talata 1, ***“sa nagsipagkamit na kasama namin ng mahalagang pananampalataya”*** Ang pananampalataya ay buong pagtitiwala sa Dios, ang hindi nakikita, sa pagtupad ng lahat ng Kanyang mga pangako sa atin, Isinasalang-alang na ang sukatan ng oras ng Dios ay naiiba sa ating sukatan. ***“1 Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita.” (Hebreo 11:1 KJV)*** Ang pananampalataya sa Dios ay nangangahulugang din na kailangan mong sundin ang Salita ng Dios at gawin ang mga ito. Ang pananampalataya ay pangunahing bagay na kailangan mong magkaroon. ***“sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya”***, na ibig sabihin sa karagdagan sa iyong pananampalataya kailangan mong idagdag ang ibang katangian sa iyong pananampalataya upang ipakita na ikaw ay totoo, tunay, at ang busilak na pananampalatay sa Dios dahil ang pananampalatanag walang pagkilos ay

patay. Samakatuwid sa pagbibigay ng buong sikap kailangan mong idagdag sa iyong pananampalataya ang sumusunod na mahahalagang hakbang:

2. Kagalingan o kabutihan: Ang kabutihan ay nangangahulugang yaman, mahusay na kalidad, magandang katangian, kanais-nais na katangian, mabuting halaga, magandang halaga, o mataas na kalidad, na siyang moral na katayuan na sa huli'y nagdadala sa masagana, nmabunga, kapaki-pakinabang at mataas na kalidad na buhay sa buong sitwasyon, hindi alintana ang mga tao at kalagayan sa paligid natin. Ang kabutihan ay isasalin ang ating pananampalataya sa mga kilos o gawa. *“10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.” (Epeso 2:10 KJV)* At dagdag sa kagalingan ay,

3. Kaalaman: Hindi lamang sa larangan ng ating propesyon, kundi katumbas sa kahalagahan ng Salita ng Dios na nagmumula sa patuloy na pagbabasa ng Bibliya, maingat na pinag aaralan ang Banal na Kasulatan, at sukatin ang anumang paliwanag ng mga talata na naayon sa buong Salita ng Dios. Sapagkat ang lahat ng kasulatan ay ang Salita ng Dios, bukod dito ng Rhemang Salita na hinahatid ng Banal na Espiritu sa atin at iyon ay nagmumula sa Kanyang bibig, na makakarating sa atin sa pagiging tinig ng Banal na Espiritu, kung gayon magagawa nating gawin kung anong nais ng Dios sa atin na makamit. At kapag inilapat natin ang kaalamang iyon sa buhay natin nang naayon sa ating pananampalataya sa Kanya magkakaroon tayo ng karunungan, Ang gayong kaalaman at karunungan ay gagawing mabunga ang ating buhay. *“6 Kung magkagayo'y mauunawa mo ang katuwiran at ang kahatulan, at ang karampitan, oo, bawa't mabuting landas.” (Kawikaan 2:6 KJV)* At dagdag sa kaalaman ay,

4. Pagpipigil o pagtitimpi: Kung saan ito ay mamuhay ng malayo sa magarbo at makamundong buhay, at malayo sa anumang masama at immoral na pagnanasa, at upang maiwasan ang pagbagsak sa mga nakamamatay na kasalanan ng pagnanasa, kasakiman, katamaran, kayabangan, galit, selos, at inggit. *“26 Papanatagin mo ang landas ng iyong mga paa, at mangatatag ang lahat ng iyong lakad. 27 Huwag kang lumiko sa kanan o sa kaliwa man: ihiwalay mo ang iyong paa sa kasamaan.” (Kawikaan 4:26-27 KJV)* Ang pagpipigil o pagtitimpi ay nangangahulugan nito na dapat alam mo kung kailan ka titigil at huwag sumulong pa na magdudulot sa iyong magkasala. At dagdag sa pagpipigil ay,

5. Pagtitiis o pagtitiyaga: Maging matatag sa pagpapanatili ng parehong makatarungang paraan ng pamumuhay sa pagharap sa mahihirap na panahon at sa mga pagsubok; at maghintay ng matiwasay para sa mga kaganapan ng Dios at huwag mawalan ng pag-asa. *“2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso; 3 Yamang nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay gumagawa ng pagtitiis. 4 At inyong pabayaang na ang pagtitiis ay magkaroon ng sakdal na gawa, upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anomang kakulangan.” (Santiago 1:2-4 KJV)* *“7 Mangagtiis nga kayo, mga kapatid, hanggang sa pagparito ng Panginoon. Narito, inaasahan ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, na may pagtitiis, hanggang sa tanggapin ang ulang maaga at huli. 8 Mangagtiis din naman kayo; pagtibayin ninyo ang inyong mga puso, sapagka't ang pagparito ng Panginoon ay malapit na. 9 Huwag kayong mangagupasalaan, mga kapatid, laban sa isa't isa, upang kayo'y huwag mahatulan; narito, ang hukom ay nakatayo sa harapan ng mga pinto. 10 Kunan ninyong halimbawa ng pagbabata at ng pagtitiis, mga kapatid, ang mga propeta na nagsipagsalita sa pangalan ng Panginoon. 11 Narito, tinatawag nating mapapalad ang nangagtiis: inyong nabalitaan ang pagtitiis ni Job, at inyong nakita ang pinapangyari ng Panginoon, kung gaano ang lubos na pagkahabag at ang pagkamaawain ng Panginoon.” (Santiago 5:7-11 KJV)*

6. Kabanalan: Ito ay ang kakayahang makilala ang tama at mali sa mata ng Dios at mamuhay sa makaDios na paraan, at lumayo sa maling landas; ito ang saloobin ng isang tao na may takot sa Dios na naghahanap sa Dios, nagsisikap na malaman ang mga daan ng Dios at lumakad sa mga ito. At sa kabanalan idagdag ang,

7. Mabuting kalooban sa kapatid: Ito ay ang puno ng pagpapakita na pagdadala ng mga pasanin at pangangailangan ng isa't isa. *“2 Mangagdalahan kayo ng mga pasanin ng isa't isa, at tuparin ninyong gayon ang kautusan ni Cristo.” (Glacia 6:2 KJV)* Maaari tayong tumulong sa ating mga kapatid, sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng Salita ng Dios, ang mga payo na nagmumula sa Salita ng Dios at tulungan silang sundin ang Dios, sa pamamagitan ng pagdarasal para sa kanila, at sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila sa anumang pangkaraniwang pangangailangan na maaari nating ibigay para sa kanila. At idagdag sa mabuting kalooban sa kapatid ay,

8. Pagibig: Ang pagibig ay isang sakripisyo at walang kondisyon na pag-ibig, at ito ay nagbibigay at hindi mapaghimagsik o emosyonal na pag-ibig. Ang kawanggawa o pag-ibig ay hindi lamang para sa mga karapat-dapat, kundi pati na rin sa mga di-karapat-dapat at kahit sa ating mga kaaway. Ang pag-ibig ay hindi dapat makasakit sa ating mga kapwa, *“8 Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man, maliban na sa mangagibigan kayo: sapagka't ang umiibig sa kaniyang kapuwa'y nakaganap na ng kautusan. 9 Sapagka't*

ito, Huwag kang mangangalunya, Huwag kang papatay, Huwag kang magnanakaw, Huwag kang mananakim, at kung mayroon pang ibang utos, ay nauuwi sa salitang ito, sa makatuwid baga'y Ibiqin mo ang iyong kapuwa na gaya ng sa iyong sarili. 10 Ang pagibig ay hindi gumagawa ng masama sa kaniyang kapuwa: ang pagibig nga ay siyang katuparan ng kautusan.” (Roma 13:8-10 KJV) Ang pagibig ay nagtataglay ng sumusunod na mabuting pag uugali at asal. “4 Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo. 5 Hindi naguugaling mahalay, hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama; 6 Hindi naqagalak sa kalikuan, kundi nakikiqalak sa katotohanan; 7 Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiiis.” (1 Corinto 13:4-7 KJV)

Sa aking Mahal at Minamahal: Matapos ang naunang paglarawan ng lahat ng mga nabanggit na katangian, maaari mong suriin ang iyong sarili at alamin kung ano ang mayroon ka mula sa mga nasa itaas na hakbang, at kung ano ang kulang pa sa iyo mula sa mga ito. Ang pagkakaroon ng mga nabanggit na katangian ay ginagawang produktibong tao ka at isang masiglang kasapi ng katawan ni Cristo, at nagiging ilaw ka para sa kadiliman na nakapaligid sa iyo. Sa pagkamit ng mga sangkap na ito sa patuloy na pagtaas at pagpapalago sa mga ito, magiging katulad ka ni Jesus at magiging perpektong halimbawa ng Cristianismo. At ipapakita mo si Cristo sa iba, sapagkat hindi nila siya makikita nang nag-iisa kundi makikita nila siya sa pamamagitan mo. “8 Sapagka't kung nasa inyo ang mga bagay na ito at sumasaqana, ay hindi kayo pababayaan ng maging mga tamad o mga walang bunga sa pagkakilala sa ating Panginoong Jesucristo.” (2 Pedro 1:8 KJV) Kapag mayroon ka ng lahat ng mga sumusunod na walong katangian; pananampalataya, kabutihan, kaalaman, pagpipigil, kahinahuan, Kabanalan, mabuting kalooban sa kapatid, at pagibig, at mayroon ka nito sa malaking halaga, kung gayon ang mga ito ay magbibigay sa iyo ng kasaganaan sa iyong kaalaman kay Cristo at hindi ka na magiging walang bunga kundi mamumunga, tagapagbigay ng serbisyo, magkakaroon ng mas maraming bunga ng Espiritu at mas maraming serbisyo, ministeryo at mabubuting gawa na inihanda ng Dios para sa iyo na gawin.

“9 Sapagka't yaong wala ng mga bagay na ito ay bulag, na ang nakikita lamang ay ang nasa malapit, sa pagkalimot ng paglilinis ng kaniyang dating mga kasalanan.” (2 Pedro 1:9 KJV) Samakatuwid, kung wala ka sa mga nabanggit na batayan, mga layunin, at mga katangian, at hindi ka kumikilos upang makamit ang mga ito, ikaw ay hindi lamang bulag kundi nasa gitna rin ng kadiliman, at ikaw ay nakakapit kay Cristo sa pangalan lamang, at nakalimutan mo na ikaw ay nilinis mula sa iyong mga dating kasalanan.

Sa katapusan ng lahat ng sa itaas, ating basahin ang sumusunod: “10 Kaya, mga kapatid, lalong pagsikapan ninyo na mangapanatag kayo sa pagkatawag at pagkahirang sa inyo: sapagka't kung gawin ninyo ang mga bagay na ito ay hindi kayo mangatitiosod kailan man: 11 Sapagka't sa gayon ay ipinamamahaging sagana sa inyo ang pagpasok sa kahariang walang hanggan ng Panginoon natin at Tagapagligtas na si Jesucristo.” (2 Pedro 1:11 KJ) * Kaya naman kailangan mong magsumikap na gawin tiyak ang iyong pagkatawag at paghirang sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pananampalataya, kabutihan, kaalaman, pagpipigil, kahinahuan, Kabanalan, kabutihan sa kapatid, at pagkakawanggawa sa malaking dami, at sa ganitong paraan ikaw ay magiging matagumpay na manggagawa at ministro para kay Cristo na hindi kailanman mabibigo. * Ang iyong kaligtasan ay tiyak at ang iyong pangalan ay mananatili sa aklat ng buhay, at tatanggap ka ng masaganang pagtanggap at pagbati sa walang-hanggan Kaharian ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu Cristo sa Kanyang ikalawang pagdating. “17 Kaya nga, mga minamahal, yamang nalalaman na ninyo nang una ang mga bagay na ito, ay magsipagingat kayo, baka kung mangaliqaw kayo sa pamamagitan ng kamalian ng masasama, ay mangahulog kayo sa inyong sariling katiyagaan. 18 Datapuwa't magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian ngayon at magpakailan man. Siya nawa.” (2 Pedro 3:17-18 KJV) Ngayon ipagkatiwala ang iyong sarili at manalangin sa Dios upang bigyang kakayahan ka na gawin ang Kanyang kalooban. Manalangin tayo,...

Aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang biqyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita, para sa lahat ng iyong mga pangako, at sa aral na tinanggap namin sa menseheng ito. Panginoon salamat para sa mahalagang pananampalataya, sa iyong biyaya at kapayapaan na nagpayabong sa amin. Panginoon salamat para sa walang hanggang buhay na tinanggap namin kay Jesus. Panginoon, salamat para sa iyong dakilang kapangyarihan na ibinigay sa amin ang lahat ng kailangan namin sa buhay at Kabanalan. Panginoon, salamat sa iyong dakila at mahalagang pangako na maaari tayong maging bahagi ng banal na kalikasan at makatakas sa pagkasira sa mundong ito. Panginoon, salamat sa iyong mga pagbibigay, sa iyong tulong sa mga panahon ng pagsubok, pagtanggap at pag-uusig, at salamat sa lahat ng mga paghimok, mga pagwawasto at mga pagsaway na natanggap namin mula sa iyo.

Ngayon magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong kawalan ng pananampalataya at kawala ng pagtitiwala sa Dios. Magsisi ka sa iyong kakulangan sa mga magagandang katangian at moral na katuwiran na nagdudulot sa isang mabunga, produktibo, kapaki-pakinabang at mataas

na kalidad na buhay. Magsisi ka sa iyong kakulangan ng takot sa Dios, at sa pamumuhay at paggawa ng iyong sariling mga paraan, kalooban at plano. Magsisi ka sa iyong pagkamundo at sa iyong pakikisama sa mga hindi naniniwala at maraming kaibigan. Magsisi ka sa iyong pagnanasa, imoralidad, at iba pang mga gawa ng laman. Magsisi ka sa iyong pagiging makasarili, paggawa ng iyong sariling kalooban, kakulangan ng pangako at hindi pagpapahalaga sa pagbibigay sa Dios ng iyong oras, ng iyong pagsisikap at ng iyong mga materyal na bagay. Magsisi ka sa iyong kakulangan ng kahinahunan at pagpipigil sa sarili. Magsisi ka sa iyong kakulangan ng pagkakapatiran at pagkakasangkot. Magsisi mula sa iyong hindi pagnanais na magpakatatag habang inuusig at nagdurusa para kay Cristo. Magsisi mula sa pag-aaksaya ng iyong oras at pagsira sa iyong isipan sa Media. Magsisi ka sa iyong kakulangan ng pagbabasa ng Salita ng Dios sa Bibliya at pag-aaral ng Kasulatan, at sa iyong kakulangan ng panalangin. Panginoon, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan

Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na sundin ka nang lubos sa pagsunod sa iyong Salita at mga utos. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na makipagtulungan sa iyo na magkaroon ng sumusunod na mga katangian; pananampalataya, kagalingan, kaalaman, pagpipigil, kahinahunan, Kabanalan, mabuti sa mga kapatid at pagibig; at upang magkaroon ng mga ito sa pagyabong na hakbang. Panginoon, bigyan mo ako ng kahinahunan at pagtitiis habang hinihintay kita na dumating at dalhin kami kasama mo para sa kawalang-hanggan. Panginoon, Inilalaan ko ang aking buhay sa iyong kamay upang mamuhay sa kabanalan at magpatuloy sa pagharap sa mga pagsubok, may pananampalataya sa iyo at nagtitiwala na ikaw ang magbibigay sa lahat ng aking pangangailangan. Panginoon, Ipinangako ko ang sarili na maging tagapagdala ng bunga, tagapagbigay ng serbisyo at gawin ang mga mabubuting gawa na inihanda mo para sa akin. Panginoon, itaas mo ako sa iyong pagibig at biyaya at bigyan ako ng suporta at hikayatin ako upang makapagpatuloy akong maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang sarili na makipagtulungan sa iyo upang magkaroon ng mga katangiang ito; pananampalataya, kabutihan, kaalaman, pagpipigil sa sarili, pagtitiyaga, kabanalan, pagkakapatiran, at kawanggawa, at upang magkaroon ng mga ito na pagdaragdag na hakbang. Panginoon, protektahan mo sila at bigyan ng mga pangangailangan upang patuloy silang mamuhay para sa iyo, nagsisilbi sa iyo, bilang bahagi ng banal na kalikasan, at maging magandang halimbawa sa iba upang sundin ka. Panginoon, gumawa ka ng mga milagro at kababalaghan sa kanilang mga buhay at itaguyod sila sa mga tagumpay upang malaman ng mga tao na ikaw ang tunay na Dios at sila ay iyong mga lingkod.

Panginoon, kami'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan na patuloy naming mapaglingkuran ka, na maging bahagi ng banal na kalikasan at gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang makatakas sa katiwalian sa mundong ito. Panginoon, protektahan mo kami, ang aming mga pamilya, mga manggagawa at mga ministro mula sa lahat ng tukso ng diyablo at ng kanyang mga demonyo; kami'y lumalaban sa lahat ng iyon sa ngalan ni Jesus. Panginoon, ipinagkakatiwala namin ang aming sarili na lumakad sa iyong harapan sa kabanalan ayon sa iyong kalooban at plano para sa amin. Panginoon, gabayan mo kami upang tulungan ang mga tao na nasa kasalanan at pagkaalipin at naghahanap ng tulong mula sa iyo upang makalaya. Panginoon, bigyan mo kami ng kakayahan na linisin ang mga may ketong. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu, at gabayan at bigyan kami ng kakayahan na maabot ang mga bagong tao, gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa, at magtanim ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, dalangin ko para sa mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig, at tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, pagpalain at palawakin ang lahat ng aming mga ministeryo, at ihanda kami para sa iyong pagdating na kami'y makasama sa iyo kapag dumating ka upang kunin kami. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com